Pahayag ni **KAREN HARDY**, Kandidato para
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto 2**

**Trabaho:** Guro ng Agham ng Teknolohiya
**Edukasyon at Kuwalipikasyon:**
B.S. Inhinyeriyang Kemikal M.A. Pagtuturo

Ang Santa Clara ay nasa mahalagang panahon sa pag-unlad nito. Ang haharapin ng Konseho ng Lunsod sa susunod na apat na taon ay magpapasiya kung gaano kahusay na pinaglilingkuran ang mga residente.

Bilang isang residente ng Santa Clara sa halos 30 taon, ang aking 32 taon nang asawa at ako ay nagpalaki ng aming pamilya dito. Sa panahong iyon, ako ay naglingkod sa maraming tungkulin, kabilang ang 8 taon sa Komisyon sa Pagpaplano, 5 taon sa Komisyon sa Kasaysayan at mga Palatandaan, higit sa 3 taon sa Komite sa Pagsusuri ng Arkitektura. Ako ay nagtatalaga ng sarili sa kapakanan ng ating komunidad. Ako ay nakapaglingkod bilang isang lider ng iskaut, nagturo ng agham ng kompyuter at matematika sa Mataas na Paaralan ng Wilcox, miyembro ng Soroptimist (klab ng serbisyo ng mga lokal na kababaihan), tagapayo para sa klab ng serbisyo sa mataas na paaralan at opereytor ng radyo ng HAM para sa mga pang-emerhensiyang serbisyo (KI6FGS).

Kailangan natin ng maayos na nakaplanong pagpapaunlad sa ating lunsod na katugma ng mga kasalukuyang kapitbahayan. Tayo ay nararapat sa maingat na pagpaplano at reponsibilidad sa pananalapi. Ang mga residente ay dapat tratuhin nang may paggalang at pagkakapantay-pantay. Ipinangangako ko na gagawin ito.

Kung sa palagay ninyo ang kalidad ng serbisyo ay dapat na mas mahusay

Iboto po si Karen Hardy para sa puwesto 2

Mangyaring bisitahin ang www.hardy4council.com